# Prologue

Kanina pa nangigigil si Jake dahil lamang hindi mabuksan ang pinto ng kanyang hotel room. Kanina pa siya nakatayo sa corridor at pilit iyong sinusubukan gamit ang dalang susi, pero nabigo siya. Nagkataon pa namang walang nagdaraang hotel staff.

Tiningnan niya ang numerong nakapaskil sa katapat na pintuan. B-13.

Kung minamalas nga naman, oo! Aba'y may katotohanan pala ang paniniwalang iyon!

Inilabas niya ang cellphone at nagsimulang i-dial ang numero ng kanyang assistant na si Polly para tumawag ng staff. Nasa function room pa ito sa ibaba kasama ang ibang delegates sa convention na dinadaluhan nila.

Ang masaklap, out of coverage ang cellphone ni Polly. Sinubukan niya pa rin. Marahil ay nahihirapan lang dahil nasa ground floor ang function room. Sa gilid ng mga mata ay napansin niyang may dalawang taong papalapit; isang babae at isang lalaki. Tumalikod siya habang nagda-dial dahil ayaw niyang mapansin ng mga ito ang pamomroblema niya. Baka

isipin ng mga itong maling pinto ang binubuksan niya, magkaroon pa ng masamang suspetya. Ni-relax niya ang mga balikat.

Tumigil ang mga ito sa pintuan ng katabing kuwarto. Talaga naman! Inasahan pa naman niyang lalayo ang mga ito.

"Get some rest. Tonight will be your first performance after your long vacation. We have special guests and I'm sure you'll dazzle them like you always do," narinig niyang sabi ng lalaki.

Napaismid si Jake. *Ang corny naman ng mga 'to!*

Narinig niya ang pagri-ring sa kabilang linya. May signal na rin sa wakas ang phone ni Polly.

"Thank you, Sam. I really enjoyed the day. And I'm looking forward to tonight's performance. Na-stagnant yata boses ko dahil sa dalawang linggong bakasyon. Na-miss ko rin ang trabaho."

Jake finally heard his secretary's voice at the end of the line, at exactly the same moment na narinig niya ang boses ng sumagot na babae sa katabing pintuan. Iyon ay boses na hindi niya basta-bastang makakalimutan.

He ignored his cellphone and turned it off. And

slowly, so slowly... kasabay pigil na paghinga, he looked at the couple.

The woman planted a slight kiss on the guy's lips. "I'll see you later. 'Baba ka na, parang may importanteng sasabihin si Anne sa reception."

Tamang-tamang nag-ring ang cellphone ng lalaki at makikita ang pagbuntong-hininga nito. "Speaking of. I hope hindi na naman ito problema sa kitchen. Ang hirap talagang makahanap ng magaling at maaasahang chef."

"Go," nakangiting sabi ng babae at itinulak pa ang kausap nang marahan. "Alam mo naman kung makareklamo ang chef mo, aakalain mong siya na ang nag-iisang chef sa mundo."

"Sige, see you later," paalam ng lalaki. And then, he started walking away while answering the phone.

Nilampasan nito si Jake, pero hindi niya ito pinansin. Nakatuon ang kanyang mga mata sa babaeng ngayon ay kasalukuyang sinususian ang pinto ng sariling silid. At para bang biglang naramdaman nito ang mga matang nakamasid. Nakiramdam pa ito sandali, pagkuwan ay biglang lumingon sa kanya.

Nahugot ni Jake ang hininga.

Without a doubt, agad din siyang nakilala ng babae. Makikita ang panlalaki ng mga mata nito, ang pagkalito dahilan para mahulog ang susing hawak.

Kumuyom ang mga palad niya. Hindi nga siya nagkamali.

After a millisecond of staring at him with disbelieving eyes, biglang bumilis ang kilos ng babae. Hinablot nito ang nahulog na susi at saglit lang ay nabuksan ang pinto.

Jake moved toward her. He moved very fast; like a hungry panther who just caught a sight of his prey.

But his prey was amazingly faster.

Nakapasok na ang babae at pabalibag na isinara ang pinto. Halos sumalpok iyon sa mukha ni Jake.

Kumatok siya nang malakas sa saradong pinto. Walang sagot.

"Bubuksan mo ba ito o gigibain ko ang pinto?" he asked in a casual voice. Too casual na imbis na magbigay ng reassurance ay mas lalong nagiging sanhi ng nerbiyos.

Pero hindi yata siya nagtagumpay sa intensyon dahil nanatiling sarado ang pinto.

"Just think of the commotion we're going to create if I break down this down." Alam niyang gagawin niya nga iyon kung hindi nga iyon bubuksan ng babae. Mahirap na, baka magkaroon pa ito ng pagkakataong makatakas gamit ang fire escape. Na hindi niya siyempre hahayaang mangyari.

He had waited five years for this meeting to finally happen. Five long years. And he would never let her get away again.

Sinimulan niyang magbilang sa isipan. Hanggang tatlo lang at talagang gigibain niya ang pinto. Akala yata ng babae ay nagbibiro siya. Hah!

"One..."

The door opened, na para bang sa wakas ay natauhan ang nasa loob at naisip na mag-iiskandalo talaga siya.

Nakita niya ang putlang-putlang mukha ng babae.

She looked more beautiful now. So beautiful. And still as fragile. Lalo na siguro sa sitwasyon nito ngayon. She looked as if she was ready to break into pieces.

Nanlalaki ang mga mata nito, at makikita rin ang

panginginig ng mga labi. Gusto sana niyang maawa rito.

Pero mas nanaig ang galit ni Jake. Ang galit na limang taon nang namamayani sa kanya at ngayon lang niya mapapakawalan.

"Hello, Wife," he said sarcastically.

# 1

Limang taon na mula noong huling makita ni Chelsea ang lalaki. Five years na pilit niya itong kinalimutan. Mahirap, pero nagawa niya. Well, hindi niya naman talaga nakalimutan, pero nagawa niyang itago ito sa kasuluk-sulokan ng kanyang isipan ng sa gayon ay minsan niya na lamang itong naaalala.

Like when she's lying alone in bed on cold and lonely nights. O kaya naman ay may nakikita siyang ikinakasal. O kaya kung may nakikita siyang lalaking kasing-tangkad nito...

At kapag nagtatagumpay na sumulpot ang alaala nito, agad niya pa ring iwinawaksi iyon sa pamamagitan ng pagpo-focus sa kanyang kasalukuyan.

At ngayon ay bigla-bigla itong susulpot sa kanyang harapan. Ang lakas naman ng loob nitong magpakita sa kanya. Ngayong ni hindi man lang siya nakapaghanda.

She knew this day would come, but she had envisioned it happening according to her plans. She would be very prepared at siya ang mangugulat

rito, hindi iyong ito ang parang magic na biglang sumulpot. Aksidente man o hindi.

Chelsea was twenty when she first met this man. She was too young then, that she still believed in fairy tales.

At sa katauhan ni Jake Abance ay nakita niya ang kanyang prinsipe. Though he wasn't exactly a prince, she loved him anyway.

Kabaliktaran kay Chelsea na masasabing 'born with a silver spoon in her mouth', si Jake ay ipinanganak na mahirap. Ang mga magulang nito ay parehong mag-uuling sa bayan ng Nueva Ecija.

Ang kahirapang ito ang nagtulak sa lalaki para magpursige. Pinagbuti nito ang pag-aaral. Dahil matalino ay naging scholar hanggang kolehiyo. Nagtapos ito sa kursong Civil Engineering. Too bad magkasunod na namatay ang mga magulang nito sa sakit na lung cancer noong nasa college ito. Hindi man lang nakita ng mga ito ang pagtatapos ni Jake, ang katuparan ng mga pangarap ng mga magulang. He was left to take care of his younger sister, Arabella, na halos kaedad lang ni Chelsea.

Sa pangalawang taon ng pagtatrabaho ni Jake sa *Sebastian Steels Corporation* na pag-aari ng lolo

ni Chelsea, he closed the biggest deal na siyang nagsimula ng lahat—simula ng pag-angat ng career nito, simula ng pagiging parte nito sa buhay ni Chelsea.

Papalugi na noon ang *SSC*. Maging si Aldo Sebastian, ang lolo ni Chelsea, ay tanggap na rin ang paghina ng negosyo. Mula kasi nang magretiro ang matanda at iniasa sa iba ang pamamahala nito, nagkaroon ng maraming mismanagement at huli na nang madiskubreng bumabagsak na pala sila. Marami sa mga kliyente nila ang lumipat na sa ibang mga kalabang kompanya.

Jake was just starting to get noticed by his superiors. Alam nito na kung mabibigyan lamang ito ng magandang pagkakataon ay malaki ang tsansa nitong makakuha ng mas mataas na posisyon. The steel industry fascinated him mula nang mapabilang ito sa kompanyang iyon.

He didn't want the company to go down. Ayaw nitong magsimula sa iba. He was determined to keep his job. Responsibilidad nitong tulungan ang kapatid na matapos sa pag-aaral at masigurong magiging maganda ang buhay nito. Higit sa lahat, responsibilidad nitong ayusin ang sariling buhay. It was his goal to become big someday. His passion,

determination and dreams were burning up inside waiting to get the chance to come true.

Hindi nito inakalang magiging maaga ang katuparan ng mga pangarap nang magsimulang magkaproblema ang *SSC*. He just didn't want the company to go down dahil determinado itong doon simulan ang pag-angat ng karera.

He made thorough research. Pinag-aralan nito ang mga kakompetensya nilang kompanya; hinanap sa Internet ang malalaking construction companies na nag-i-import ng materyales. Naglakas-loob na kausapin ang OIC ng *SSC* na si Rob Rosario. At nang bigyan ito ng go-signal ay kinontak nito ang mga naturang kompanya at nagbigay ng offer.

For almost a month, halos sa opisina na nakatira si Jake hoping to receive a call from those companies. And one day, it happened. Ang *CL Constructions* na gagawa ng isang malaking hotel sa Thailand ay interesadong makinig sa proposal ng binata.

Rob was skeptical but scheduled a meeting with Aldo Sebastian himself. Si Aldo na founder at may-ari ng *SSC*.

Aldo was fascinated with his determination. And his determination came with the talent of speech.

Magaling mangumbinsi si Jake using his words. He could make anyone picture in his or her mind ang mga posibilidad na sinasabi nito. At dahil doon, pumayag si Aldo na ipadala ito sa Thailand. He came home a week later with the contract in his hands.

Hindi doon nagtapos ang partisipasyon ni Jake Abance. Hindi lang future ng *SSC* ang nakasalalay sa proyektong ito, kundi buong kinabukasan rin nito.

He made sure na lahat ng nakasaad sa kontrata ay masusunod. Pinag-aralan nito ang actual na proseso ng paggawa ng bakal. Nagkayod-marino si Jake. Hanggang sa wakas ay matapos ang lahat ng responsibilidad nila sa *CL Constructions*.

It was a miracle. Nawala ang takot ng mga empleyado ng *SSC*.

At si Aldo—he looked at Jake everyday and silently wished he could be his son.

As for Chelsea, sa tuwing naririnig niyang nababanggit ng lolo niya ang pangalan ni Jake, talaga namang asar na asar siya. Panay ang puri dito ng abuelo. Saying Jake was twice as determined as he was noong bata-bata pa ito at sinisimulang itatag ang *SSC*.

*"Kahit noong nabubuhay pa ang papa mo, hindi*

*ko nakita ang ganitong passion sa kanya,"* sabi pa minsan ng matanda.

As if kasalanan pa ng tatay niya na namatay ito nang maaga at hindi napatunayan ang sarili kay Aldo. Kaya mas lalong naiinis si Chelsea.

Her parents died in a car accident noong siya ay nasa grade six. Siya at ang lolo na lamang niya ang natirang magkasama. He left her in the care of nannies and tutors while he managed the business himself. Iilang taon pa lang mula noong tuluyan itong nagretiro at noon lamang sila nabigyan ng pagkakataong maging malapit.

Kaya nainis siya nang sumulpot sa eksena si Jake Abance. He stole her grandfather from her. Muli ay hindi niya ito mahagilap because Jake brought back the old man's passion in the business at laging magkasama ang mga ito.

The first time they met was during Chelsea's twentieth  birthday. Iyon ang araw na nagbago lahat ng pananaw niya sa binata.

Imbitado si Jake siyempre, dahil nga kinonsidera na itong right-hand man ni Lolo Aldo.

And when Chelsea first laid her eyes on him—she fell in love. Literally. Parang sa pelikula.

Hindi niya ito napansin noong una dahil sa dami ng tao. She was laughing so hard sa kinukuwento ng kaibigang si Gretchen habang pababa sila ng hagdanan. Nasa pangatlo sa huling hakbang na siya nang natapilok at nawalan ng balanse.

She fell right into his arms. Parang sa pelikula rin. Pumaikot sa baywang niya ang isang braso nito habang ang isa ay sumalo sa ulo niya. And they stared at each other, totally dumbstruck. At sa loob ng ilang segundo, parang nawala lahat ng tao sa paligid nila.

Isang himala na napansin pala siya nito nang papahulog siya at agad na naagapan.

Nakikipagtawanan din kasi ito sa kausap nitong matanda bago iyon. Nakangiti pa rin ito kahit pa nang saluhin siya. Ngunit ang ngiti ay unti-unting napawi nang magtama ang kanilang mga mata.

His eyes were as dark as his hair. At ang tinging ipinukol nito sa kanya ay parang tumatagos sa kanyang kaloob-looban. His proud aura was accentuated by his high cheekbones and firm lips. Everything about him seemed perfect. Maging ang kayumangging kulay nito ay hinangaan ni Chelsea. And his arms… his arms around her were hard but gentle.

*"Careful,"* anito noon sa buong boses while

helping her to her feet.

He wasn't perfectly handsome. Iyon ang unang naisip niya. Hindi iyong kapansin-pansin na guwapo, hindi tipong artistahin. But Lord, he was so charming.

With his penetrating dark eyes na para bang nakikita ang kaloob-looban niya, a hawk's nose and broad smile that showed his perfect teeth.

Chelsea was enthralled.

Noon sumulpot ang lolo niya para ipakilala sila sa isa't isa. Hiniling nitong umawit siya dahil ang pag-awit ang maipagmamalaking talento ni Chelsea.

When she sang, her eyes were on him. Marami-rami na rin siyang naging crush dati. Pero pakiramdam ni Chelsea sa mga sandaling iyon, she finally grew up.

Sa mga sumunod na araw, laging binabalikan ni Chelsea sa isipan ang eksenang iyon. She insisted to her friends na nahanap na niya ang kanyang soul mate. Tinawanan lang siya ng mga ito, dahil kung sumasang-ayon man ang mga itong kahanga-hanga si Jake, hindi naman nararamdaman ng mga ito ang kanyang nararamdaman.

Nang hindi na makatiis, gumawa siya ng paraan para muling makita ang binata. She suddenly showed

interest in the family business. Dahil Research na lang ang natitirang subject niya sa school ay marami siyang bakanteng oras.

Sinabi niya kay Aldo na gusto niyang mamasyal sa *SSC*. Natuwa naman ang lolo niya na walang kaide-ideya sa tumatakbo sa isipan niya. Isinama siya nito sa kompanya.

Matapos i-tour, dumaan sila sa opisina ni Jake para imbitahan ang lalaki na mag-lunch at para daw mas maipaliwanag ng binata ang nangyayari sa business nila, sakaling mas magkainteres si Chelsea.

She had managed to really look interested. Maybe even Jake was fooled. He eagerly told her everything that he had learned mula nang mapasok ito sa *SSC*.

Chelsea was fascinated. Hindi sa takbo ng negosyo, kundi kay Jake. She felt so proud of him na para bang may karapatan siyang magmalaki. Komo ba parte siya ng mga achievements nito.

*"Dapat nagpapasalamat ako sa iyo dahil ang laki ng naitulong mo sa SSC,"* sabi niya minsang nagawa niyang magsalita para naman hindi mahalatang nakatanga na lamang siya sa binata at pinagmamasdan ang bawat galaw ng mga labi nito.

*"Mas marami akong dapat ipagpasalamat sa SSC dahil sa laki ng naitulong nito sa akin."*

It was during that lunch na nabuo ang ideya ni Lolo Aldo: Magiging apo nito si Jake. Sa pamamagitan ni Chelsea.

*"Do you like Jake?" tanong ng matanda minsang kumakain sila ng hapunan.*

*For a moment ay natigilan si Chelsea. Ganoon ba siya ka-obvious? Pero pilit niyang nagpakakaswal.*

*Nagkibit-balikat siya sabay sabing, "He's okay. Mukha naman siyang mabuting tao."*

*"What if the two of you get married?"*

*Halos lumuwa ang mga mata niya sa gulat. At nang maka-recover ay nagpilit ng tawa. "Lolo, hindi ito isa sa mga business deals ninyo. Hindi si Jake ang tipo ng lalaking mapapaikot n'yo sa inyong kamay."*

*But she saw the light in her grandfather's eyes. And she wished Aldo would act on his idea and convince Jake.*

For the next few days, she waited. And waited. Puno ng anticipation na kulang na lang ay magpenitensya siya.

Nagdasal siya nang paulit-ulit. *"Lord, alam kong bata pa ako. Pero handa na po ako, promise. He will love me when he gets to know me better. Magiging mabuting asawa ako sa kanya. Matututo akong magluto para sa kanya, pati paglalaba gagawin ko na rin para ma-impress siya. And no more tantrums kapag hindi ako napagbigyan. I promise po, tutulungan ko siya sa SSC. I'll do everything."*

Ilang linggo matapos ang pag-uusap nilang iyon ng kanyang lolo, tumawag si Jake para imbitahin siya sa isang lunch date.

*"Yeah, that would be nice. I meant to ask some things about SSC," kaswal pang sabi niya, pilit pa ring ini-integrate sa usapan ang interes niya sa kompanya.*

Huwag ka, pagkababang-pagkababa niya ng cellphone ay halos masira ang matibay na spring ng kanyang kama sa katatalon niya.

Hawak ang cellphone, sunud-sunod niyang tinawagan ang mga kaibigan para ibalita ang date na para bang marriage proposal ang kanyang natanggap.

The lunch date went really well. She got to know more about him dahil nagkuwento ang lalaki tungkol sa buhay nito nang walang kapreno-preno. Hindi ito nahiyang liwanagin ang hirap na pinanggalingan

nito. Lalong napahanga rito si Chelsea. She had never met any other man as determined as Jake.

*"So,what made you interested in SSC?" tanong ng lalaki.*

*You, anang kanyang isipan.*

*Nagkibit-balikat siya. "I'm twenty years old. Three weeks from now, magtatapos na ako ng Business Administration. Panahon na siguro para ma-involve ako sa family business. Mula nang mamatay ang daddy ko, lagi nang nag-aalala si Lolo sa kung sino ang magtutuloy ng negosyong sinimulan niya. I owe it to him to give it a try." At least, naging honest siya. Hindi niya naman sinabing intensyon niyang pamahalaan ang negosyo nila. Alam niyang hindi iyon para sa kanya.*

*"Sarili mo bang desisyon ang pagkuha ng kursong iyan?"*

*"Bakit? Bad choice ba?"*

*"I just have a feeling na hindi talaga ito ang field of interest mo."*

*"Gan'on ka-obvious?" Napatawa siya. "Well, wala naman talaga akong ibang passion kundi ang pagkanta. Pero alam ko rin na kahit papaano'y makabubuti sa*

*akin iyong makakapagtapos ako ng kolehiyo. Tulad nga ng laging sinasabi ng lolo ko, an'daming gustong mag-aral, pero wala silang pera. Dapat daw magpasalamat ako na hindi ko ito problema."*

*"Your lolo is right," mahinang sagot ni Jake; ang mga mata ay nakatuon sa kanya. Their talk was idle, but he found himself fascinated just by watching her speak.*

*"Oh, yeah. Nabanggit nga pala ni Lolo na nakapagtapos ka sa sariling kayod. You're one of his favorite examples. Sa dami ng papuri niya sa iyo, halos nahihiya na ako na ipinanganak akong mayaman."*

*Sabay silang napatawa. "Anyway," patuloy niya sabay kibit-balikat, "since may family business kami, naisip kong business-related na rin ang kunin kong kurso."*

*He looked at her with such gentle eyes. "You are a wonderful girl," anito sa mahinang boses.*

*Chelsea blushed. I could be wonderful for you...*

Nasundan ang date na iyon ng ilan pang dates. Mga panahong lalong umigting ang nararamdaman niya para rito. Alam niyang ganoon din ang lalaki. She could feel it in her bones.

At sa wakas ay nangyari ang kanyang pinakahihintay. It was during her graduation night, at busy lahat ang mga bisita nila sa loob ng mansyon ng kanyang lolo.

Jake managed to bring her out to the terrace.

They stood side by side, not looking at each other, kundi sa mga bituin sa kalangitan. Chelsea was just starting to imagine something romantic nang bigla itong magsalita.

*"Hindi na ako magpapaliguy-ligoy. Your lolo wishes for us to get married. I'd like to know what you think about this."*

*It was one of those few times na seryoso ang boses nito. At naramdaman din niya ang discomfort ng lalaki.*

*Medyo nakaramdam siya ng disappointment. She was hoping na ginagawa ito ng lalaki dahil sa sariling kagustuhan. Pero nakuntento na lamang siya.*

*"I'm more interested in what you think." She sounded casual. She sounded mature. Pero parang may naghahabulang mga daga sa kanyang dibdib.*

*"I think the idea has many advantages." Finally ay binalingan siya nito. Buong katapangang sinalubong*

*niya ang tingin ng lalaki.*

*"How about the feelings involved? Do you even like me?" derechahang tanong niya.*

*Sa unang pagkakataon, hinawakan nito ang kanyang kamay. Halos manginig ang buong katawan niya sa naramdamang sensasyon. Lalo na nang marinig ang mahina ngunit seryosong boses nito.*

*"Chels, I like you. You have no idea how much."*

*Chelsea smiled. Pinigilan ang sariling magtatatalon sa tuwa. In a very mature voice, she said, "Well, I like you, too. And I guess the idea of marriage is not bad at all."*

Nang makaalis na lahat ng mga bisita ay naiwan ito at saka nila sinabi sa lolo niya ang balita. Si Aldo na yata ang pinakamasayang nilalang nang marinig iyon.